

# Kung Saan Nagtatapos o Humahantong ang Ilog Boac

Isang Pag-aaral na Komparatibo ng Postkolonyal na Ekokritisismo at Eko-Kosmopolitanismo

Rina Garcia Chua

## Abstrak

Binabalikan ng papel ang mga alaala ng may-akda ng kanyang kabataan at ilang pagbisita sa Marinduque upang pag-aralan ang naganap na sakunang pagtagas ng lason ng minahan sa Ilog Boac dala ng mga gawang pagmimina ng Marcopper Mining Corporation. Susuriin ng papel ang mga hangganan ng postkolonyal na ekokritisismo at eko-kosmopolitanismo upang makahanap ng angkop na balangkas teoretikal na maaaring magamit para sa isang ekokritika na lumalampas sa mga hangganang pambansa at estado, upang harapin ang mga usapin ng katarungang panlipunan at pangkalikasan nang lampas pa sa pagkakakilanlang nakabatay sa lugar tungo sa kritika ng mga hangganan. Nakapaloob ang papel sa balangkas ng pag-unawa na nagmumula sa personal na karanasang diasporiko ng may-akda, partikular sa ugnayan ng Canada at Pilipinas, na hindi naman talaga nakabatay sa kolonyal na kasaysayan ang ugnayan, kundi sa ideolohiya ng globalisasyon.

**Mga Panandang Salita:** postkolonyal na ekokritisismo; eko-kosmopolitanismo; katarungang pangkalikasan; sakunang pangkalikasan; pagmimina

Idineklarang patay na ng gobyerno, noong ika-24 ng Marso 1996 ang Ilog Boac, ang pinakamalaking ilog sa isla ng Marinduque na isang munting puso sa pinakagitna ng heograpiya ng Pilipinas. Tatlong taon bago ang nasabing deklarasyon, guguhong ang hukay na naiwan ng natuyong dam ng Marcopper Mining Corporation sa tigang nang Bundok Tapan pagkatapos ng isang lindol at pagkatapos bayuhin ang isla ng mga bagyong dala ng habagat. Kakalat ang tumagas na tubig na puno ng lason ng minahan<sup>1</sup> sa Ilog Boac at mga karatig-bayan—lulunurin at papatayin ang mga hayop, taniman ng palay, at hindi bababa sa dalawang residente (Magtubo). Mga dalawampung kakapitbahayan ang inilikas, na may hindi bababa sa dalawampung libo katao na naapektuhan ng sakuna. Noong 1969 pa lamang, nagmimina na sa isla ang Marcopper Mining Corporation, na pag-aari rin ng Placer Dome na mula sa Vancouver, pagkatapos bigyan ng permit ng gobyerno sa ilalim ng The Mining Act of 1985 (Santiago). Isasara din nila kinalaunan ang minahan pagkatapos ng sakuna. Bago dumating ang industriya ng pagmimina noong 1969, isa ang Marinduque sa pinakamahirap na probinsiya ng bansa; walang kuryente at walang hanapbuhay maliban sa pagsasaka at pangangisda. Pinasahod ng Marcopper ang aabot ng isanlibong residente ng Marinduque at lumikha sila ng impraestruktura para sa kuryente at iba pang serbisyo (tulad ng 18-butas na palaruan ng golf). Ngunit, nang mangyari ang sakuna, inilayo ng Placer Dome at Marcopper ang kanilang sarili sa pangyayari nang sinasabing dala ng lindol ang pagkabubo ng lason ng minahan, dala ng “gawa ng kalikasan” (Cruz). Hanggang ngayon, hindi pa rin lubusang nakakabawi ang ilog.

Isang pangyayaring pangkalikasan ang Marcopper Mining Disaster na maaring suriin gamit ang mga pananaw ng postkolonyal na ekokritisismo at eko-kosmopolitanismo. Igigiit kong may dalawang mahalagang pagpapanahon na bumabalangkas sa sakuna—ang mga pangyayari at sabwatan na humantong sa sakuna at ang mga pangyayari pagkatapos nito—ang bawat isa’y tumutugma sa isang balangkas. Kung kaya, ang mga susunod na pagtalakay tungkol sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa sakuna ay babalangkas sa igigiit kong susing teoretikal na pagkakaiba sa pagitan ng postkolonyal na ekokritisismo at eko-kosmopolitanismo: una, tinuturo at sinasaliksik ng postkolonyal na ekokritisismo ang mga nananaig na tanikalang ugnayan sa kolonisador at kolonisado, samantalang tinutuklas at pinalalawig ng eko-kosmopolitanismo ang mga ugnayang global; ikalawa, humahantong ang postkolonyal na ekokritisismo sa isang layon ng pakikibaka, samantalang sumasandig ang eko-kosmopolitanismo

---

<sup>1</sup>Tinatawag na “mine tailings” ang tirá mula sa isang batong naglalaman ng mineral pagkatapos maproseso ng tubig at kemikal upang maihiwalay ang mineral, tanso sa kasong ito. Dahil mababang klase ang mineral sa Marinduque, nagiging latak ang malaking bahagdan ng mine tailing (Santiago).

sa isang demokratikong diskurso sa pagitan at loob ng samu't saring sapot ng ugnayan; ikatlo, ang nauna'y nauwi sa usapin ng hybridity o sa pagkilala ng "iba" at "kaibahan," samantalang ang balangkas ng huli'y kumikilala sa multiplisidad; ikaapat, umiinog ang postkolonyal na ekokritisismo sa muling pagharaya ng lupa upang alisin ang pataw na bigat ng sosyo-historikong kolonyal na karahasan at opresyon, samantalang pinagtatangkaan ng ekokosmopolitanismo na tingnan ang iba pang espasyo (tulad ng karagatan, world wide web, mga siyudad, teknolohiya) upang muling iharaya ang isang bagong kulturang pangkalikasan. Maihahayag ko marahil, pagkatapos nito, kung alin sa dalawang balangkas ang masasabi kong higit na akma sa konteksto ng transnasyonal na ekokritisismo.

## **Mga Lokal at Global na Ugnayan**

Waring tumatahak ng dalawang magkaibang landas ang naghuhugpong na dalawang kritikal na larang sa postkolonyal na ekokritisismo. Katulad ng pagkakapaliwanag ni Rob Nixon (238), may preokupasyon ang postkolonyalismo sa pagkakatiwalag, samantalang tumututok naman ang ekokritisismo sa etika ng lunan. Sa kabila ng ganitong tensiyon, may isang tuon lamang ang nabanggit na dalawang larang: ang paglalantad ng sabwatan at ang pangangailangan para sa representasyon (Cilano & Deloughrey76). Naging pananda na ng postkolonyal na ekokritisismo ang mga nabanggit na tuon, gayong dating pinahintulutan ng postkolonyal na pag-aaral ang ganitong balangkas na naghikayat ng mga naunang ekokritikal na pagkahumaling sa mga dialektika ng dalisay na lupa, at pinalawak naman ng ekokritisismo ang balakin ng postkolonyalismo na harapin ang representasyon hindi lamang para sa mga may-lahi at mga naisantabing katawang-tao, ngunit para rin sa mga kapaligirang higit-pa-sa-tao.<sup>2</sup> Idinagdag pa nina Graham Huggan at Helen Tiffin (3) na kailangang tingnan ng mga mananaliksik ng postkolonyal na ekokritisismo ang mga "colonial/imperial underpinnings of environmental practices in both 'colonising' and 'colonized' societies of the present and

---

<sup>2</sup>Ginagamit ko ang "higit-pa-sa-tao" (i.e., "more than human") alinsunod kay Ursula Heise (61) na natagpuang angkop ang nasabing termino sa paglalarawan sa "realm of nonhuman species, but also that of the connectedness with both animate and inanimate networks of influence and exchange." Natutuklasan kong bagamat may panganib na pagtulad-tularin nito ang indibidwal na pagkakaiba-iba ng kalikasan, isa itong subersiyon ng wika ng imperyo—isang pagbalikwas sa obsesyon ng kolonyal na Europeo sa herarkiya, kaayusan, at klasipikasyon.

the past.” Naglalantad ang pakikiugnay sa ganitong mga pangmatagalang ugnayan sa mga kolonisadong espasyo (tulad ng Pilipinas at Canada) at ng mga kolonisador nito sa post-kolonyal man o neo-kolonyal na mundo, ng mga nananatiling tanda ng kolonyalismo sa politikal at sosyo-ekonomiko nitong estruktura, maging sa mga espasyo sa loob nito, na pinananatiling tago at pipi.

Kaugnay ng ideang ito, binabalikan ni Rob Nixon (34) ang hamon na matagal nang gumambala sa postkolonyal na pag-aaral at, ngayon, sa postkolonyal na ekokritisismo, at iyon ay ang gamitin ang imahinasyon upang akuin ang “vast differences in spatial and temporal scale [that] commonly frame ... analyses in terms of interpreting global and local forces.” Nakatuon ang ganitong pahayag sa eko-kosmopolitanismo sa paraan na, igigiit ko, na hinarap na ngunit hindi pa rin nasasagot ng postkolonyal na ekokritisismo. Kayang arukin ng eko-kosmopolitanismo ang kultura, kasaysayan, at estetika sa antas global at sinisikap pa nga nitong ipatupad sa iba’t ibang paraan ng paglalantad. Binibigyang pakahulugan ni Ursula Heise (61) ang eko-kosmopolitanismo bilang pamamaraan ng pagtanaw ng mga “individuals and groups as part of planetary ‘imagined communities’ of both human and non-human kinds.” Tumatanaw ang eko-kosmopolitanismo nang lampas pa sa “ethics of proximity” na gumagambala sa postkolonyal na ekokritisismo at sa halip pinahihintulutan ang mga indibidwal at mga pamayanan, na nangunguna sa mga partikular na kultural na konteksto, na muling harayain ang kanilang sarili, at ang kanilang ugnayan sa mga mundong kanilang dinanas. Ang ganitong mga pagtanaw, na siyang pagtukoy sa kanila ni Heise, ay maaaring pag-aralan sa paraang tinutulungan nila at hinahadlangan ang mga rehiyonal, nasyonal at transnasyonal na anyo ng pagkakakilanlan. Sa eko-kosmopolitanismo, hindi limitado ang identidad ng suheto sa mga ugnayang tumatali sa kanila sa mga sosyo-historikong mga konteksto na nagdala sa kanila sa mga kasalukuyan at panghinaharap na estado, bagkus napalalawak pa ang ahensiya ng suheto nang sa gayo’y maitakda nila ang hangganan at dulo ng kanilang sariling pagbuo ng identidad.

Kung babalikan ang pagsipat sa Marcopper Mining Disaster, maaaring mauwi sa tatlo ang paglalantad ng sabwatan *bago* ang mismong pangyayari: ang gobyerno na pinahintulutan ang Marcopper na magmina sa Marinduque at muling nagbigay ng permit sa ibabaw ng mga alinlangan ng mga lokal na residente tungkol sa kontaminasyon ng kanilang pinagkukunan ng tubig at irigasyon; ang pabalat-bungang solusyon ng Marcopper Mining Corporation at Placer Dome sa kontaminasyon ng mga sistemang patubig ng isla sa muling pagkontamina ng mga natuyo nang bukás na hukay na may tagas ng minahan, at pagsasalawang-bahala sa mga ga-buhok na bitak at tulo sa dam na naglalayo ng mga deposito sa ilog; ang mga residente na kapwa nakinabang

at natalo sa ipinuhunan ng Marcopper sa kanilang isla. Sa gayon, inuusisa ng postkolonyal na ekokritisismo ang mga naturang ugnayan sa pamamagitan ng pagtatanong: sino at ano ang nawalan ng ahensiya sa pagpapatupad ng ganitong mga sabwatan? Lalabas sa mga nabanggit na pangyayari, na humantong sa sakuna, na nabawasan ang ahensiyang pansuheto ng mga residente bago, habang, at maging pagkatapos ng sakuna, at binibitawan ko ang ganitong pahayag nang may pag-aalinlangan gayong hindi pa ako nakatatagpo ng sapat na impormasyon na nagpapatunay kung dumaan nga sa due process ang pagpapahintulot ng mga residente na bawasan ang pakikialam ng Marcopper sa kanilang ekonomiya. Ngunit nagkaroon man ng pagbabawas sa bahagi ng mga lokal na residente o hindi, hindi matatawarang karumaldumal ang naging epekto ng sakuna sa mga residente ng mga apektadong bayan (katulad ng Mogpog at Boac): marami ang nawalan ng hanapbuhay sa pagmimina, pagsasaka at industriya ng pangingsda; dagdag pa, inamin ng mga opisyal na pagkatapos ng sakuna, dumami ang kaso ng malnutrisyon, sakit sa isip, kanser sa baga, at mga taong may kapansanan sa Marinduque. Dahil dito nagsilikas ang karamihan ng mga residente sa kalapit na mga isla ng Three Kings o kaya sa Maynila, nang sinasabing wala nang natira para sa kanila sa Marinduque (Magtubo). Dito, igigiit ng eko-kosmopolitanismo na hindi nabigyan ng pansin ang mga residente sa diskurso ng sakuna at ang kasalukuyan nilang representasyon—maging bilang mga naisantabi o tumatakas, bilang mga nakaligtas o mga biktima—na magbibigay-hugis kung paano nila muling bubuoin ang kanilang sariling pagkakakilanlan sa mga mundong kanilang pinagmulan at sa mundong kinatatagpuan na nila ngayon. Sa huli, humahantong ang ganitong pagtanaw-sa-sarili sa pagkakaroon ng “sense of how [their] political, economic, technological, social, cultural, and ecological networks” ay nagbigay-hugis sa kanilang pang-araw-araw na gawain at kondisyon (Heise 55). Sa kanilang kasalukuyang lagay, pinahintulutan ba o hinadlangan sila ng kanilang ontolohikong karanasan ng sakuna sa kanilang sariling pagkakakilanlan. Anong mga ugnayan ang kanilang pinanatili at pinutol upang mapanghawakan nila ang kanilang patuloy na pagiging kapakinabang sa kasalukuyan nilang kinasasadlakang lunan? Sa halip na itanong lamang *kung paano ka napunta dito*, itinatanong ng eko-kosmopolitanismo *kung saan ka patungo mula rito?*

## Isang Gawa ng Kalikasan

Masasabi kong isang magandang halimbawa ng pamana ng kolonyalismo sa “paghuli at muling pagpangalan” sa kalikasan ang pahayag na binitawan ng

Marcopper pagkatapos ng pangyayari—isang pahayag na idiniin sa ibabaw ng malawakang pagtuligsa—na “gawa ng kalikasan” ang nangyari. Tiningnan ito nina Elizabeth Deloughrey et al. (11) bilang bahagi ng “tired language” ng imperyo, kung saan inilalagak ang bigat ng responsabilidad sa subalterno na higit-pa-sa-tao sa halip na sa ahensiya ng Kanluran. Kinailangang magagap ng mga residente ng Marinduque ang pangangasiwa sa malaliman at pangmatagalang epekto ng sakuna sa kanilang mga mundo at maging sa kanilang mga wika, na nagbunsod sa isang lokal na inhenyero na tawagin ang mga tagas ng minahan at pag-ulan ng pulang abo bilang “Canadian Snow.”<sup>3</sup> Isa itong parikalang matatagpuan sa mga postkolonyal na paglalantad ng wika ng imperyo, kahit pa hindi naman talaga nakabatay sa kolonyal na kasaysayan ang ugnayan sa pagitan ng Pilipinas at Canada, kundi sa globalisasyon. May pagkakatulad ang postkolonyal na pag-aaral at globalisasyon (at minsan napagpapalit pa nga ang mga nabanggit na termino), na ipinaliliwanag ni Simon Gikandi (628) bilang pag-aalala sa mga anyo ng organisasyong panlipunan at kultural na inaasahang umalpas sa mga hangganang pambansa at estado, at sa mga bagong idea na uunawa sa mga kultural na daloy na hindi na maihihiwalay sa mga ideolohiyang Euro-Americano tungkol sa pagkaunlad at panlipunang pagbabago. Hindi kasingkahulugan ang naturang dalawang termino ng postkolonyal na ekokritisismo at/o eko-kosmopolitanismo, ngunit maaaring usisain nila ang ilang katawang napatawan ng lahi at naisantabi tulad ng mga residente ng Marinduque.

Higit pa, pinagtatahan ko ang mga taong nilisan ang isla sa paghabol ng higit na maalwang kalagayang pang-ekonomiko katulad ng pamilya ng pinsan kong si Yvette—kinailangan niyang bunutin sa Marinduque ang pamilya niya pagkatapos ng sakuna at manirahan nang ilang taon sa Maynila nang walang maaasahang sahod hanggang makapagtrabaho na ang mga babaeng panganay, o ang Tito Dinky ko na bumalik sa isla bitbit ang kanyang ikatlong pamilya at nanirahan doon nang paiba-iba ang hanapbuhay dahil higit na mura raw ang gastusin ng paninirahan doon. Sino ang nagsasalita para sa kanila? Nakapagsasalita ba sila para sa kanilang sarili sa gitna ng bigat ng mga pang-sosyo-ekonomikong walang kasiguruhan, at hindi maaasahang mapagkukunan ng yaman? Sa isang banda, pagtatangkaan ng postkolonyal na ekokritisismo na makapagtatag ng ugnayan sa pagitan at sa gitna ng mga subalterno at sa gitna ng mga nagsasalita para sa kanila (o, higit na ideal, ang tangkaing bigyan ng kapangyarihan ang subalterno na magsalita para sa sarili

---

<sup>3</sup>Ginamit ni Victor P. Vizarra, isang inhenyero, ang nasabing termino upang ilarawan ang inililipad ng hangin na latak ng minahan na nakapagpapababa sa mortalidad ng maraming residente sa Marinduque dahil sa mga epekto nito, isa na rito ang pagkakaroon ng kanser sa бага. Tingnan ang iba pa sa <http://engrvv.wixsite.com/4everlove/sonnet1> (binuksan noong 19 August 2018).

nila), sa pamamagitan ng layon nito sa pakikibaka na pinatotohanan nina Huggan at Tiffin (13). Sinasabi nila,

postcolonial ecocriticism ... performs an advocacy function both in relation to the real world(s) it inhabits and to the imaginary spaces it opens up for contemplation of how the real world might be transformed. (13-14)

Ngunit kailangang maging maingat sa salitang “pakikibaka” (“advocacy”) dito—hindi nangangahulugang ipinaglalaman ng postkolonyal na ekokritisismo, bilang isang balangkas, ang isang katangi-tanging ipinaglalaman ng tao, at hindi rin ito isang pangangailangan; batbat ang mismong salita ng mga implikasyon na, minsan, politikal at burukratiko, na sa kabila ng mga hangarin, ang ilang layon ng pakikibaka ay hindi masasabing akma sa suheto nito at sa kinatatayuan nila. Kung itataguyod man ng postkolonyal na ekokritisismo ang layon ng pakikibaka, ipinaalaala nina Huggan and Tiffin (7) na ginagawa ito sa mga partikular na sangkap pang-estetika ng panitikan, at hindi gumuguhong lamang sa isang panitikan na malay na pinatatakbo ng sarili at binibigyang-hugis ng isang pangkat ng mga idea. Sa ganitong pagkaunawa, nakapagsasalita ang tekstong pampanitikan o naisasakatawan nito ang imahinasyon ng mga mundo na pinananahanan ng subalterno.

Sa kabilang banda, tinitingnan ng eko-kosmopolitanismo ang mga pakikibakang nakabatay sa ekolohiya (bunga ang ilan sa mga ito ng postkolonyal na ekokritisismo at kilusan para sa katarungang pangkalikasan) nang may kritikal na pagtanaw—paano makauusad ang mga kilusan para sa katarungang panlipunan at pangkalikasan nang lampas pa sa pagkakakilanlang nakabatay sa lugar tungo sa kritika ng mga hangganan at sistemang nagluwal sa ganitong mga kondisyon? Paano nito kinakatawan ang subalterno at/o lampas-pa-sa-taong mga mundo nang hindi nagsasalita lamang para sa kanila, ngunit pinahihintulutan din silang mabawi ang kanilang mga identidad nang lampas pa sa mga lunan na nilisan o dinatnan at tinungo papunta sa mga (muling) hinarayang global na espasyo.

## **Pag-iiba-iba at Multiplisidad**

Nais kong balikan ngayon sa diskurso ang Ilog Boac; naligo akong gamit ang guho,<sup>4</sup> binanlawan ang pagod na putikang paa, at pinanood ang mga taga-

---

<sup>4</sup>Balat ng makapal na baging ang guho na ginagamit bilang shampu ng mga Pilipino bago pa man ang panahon ng kolonyal Español.

roon na manghuli ng isda gamit ang kanilang mga kamay sa parehong ilog na yaon, isang taon bago ang sakuna. Namimitlag sa buhay ang Ilog Boac noon, at kaugnay ng ilog noon ang pang-araw-araw na buhay ng mga taga-roon na mahirap ipagkasundo ang ganitong alaala sa sinabi ng nanay ko nang nakalipas lamang na araw nang tanungin ko siya tungkol sa lakad namin nang siyam na taon pa lamang ako: “Kinailangan naming maglakad nang malayo nang araw na iyon sa paghahanap ng malinis na bahagi ng ilog.” Mahirap alalahanin ang kabataan ko noon ng malinis na daloy ng tubig at makikinis na bato sa maduming paa kong kontaminado. Lalong higit na mahirap na ngayong isipin na “patay” na ito. Paano muling ihaharaya sa isip ang patay na ilog nang hindi tuluyang pinuputol ang ugnayan nito sa dalisay o kahit pa ang papalala na nitong kondisyon dati? Makapagsasalita ba ang larawan ng mga ilog—maging sa litrato, alaala, pananaliksik, panaka-nakang tekstong pampanitikan—para sa ilog?

Natutuklasan kong nananatili ang postkolonyal na ekokritisismo sa tunggalian kung paano isasakatawan ang lampas-pa-sa-taong mundo. Kahit pa ipinagpapatuloy nito ang mga “hangarin nitong utopiko” na ipakita ang lahat ng uri ng pang-aabuso at pang-aapi nang makatulong na tuluyan na silang mawala (Cilano & Deloughrey 16), may mga espasyo pa ring *nananatiling* hindi nakikita. May isang pagpapasubali ang postkolonyal na pag-aaral, na matatagpuan din sa postkolonyal na ekokritisismo ang tinatawag ni Ann Laura Stoler (7) na pagpapahayag ng isang “smug sense” na ang mga kalikasan at pagkakadugtong-dugtong ng kolonyal na pamamahala ay hindi maiiwasan at ang isang hindi paghihirapang transisyon patungo sa mga hindi halatang kasalimuotan ng kasalukuyan ng postkolonyal ay maaaring matugunan. Lumalabas na ang usaping ito ay isa sa mga dahilan kung bakit isinateorya ni Rob Nixon (2) ang mabagal na karahasan (*slow violence*)—o “a violence that occurs gradually and out of sight, a violence of delayed destruction that is dispersed across time and space,” at ang kay Stoler na (2-4) imperyal na latak (*imperial debris*)—mga katangian ng kolonyal na ugnayan na nananatiling matatag, hindi patitinag, hindi nakikita, at pailalim na sinisira ang mga espasyo at buhay na maaari nilang matunton. Totoo nga, maaaring harapin ang kasalukuyan nang hindi itinatanggi ang mga labing kolonyal na nakaapekto, nakapagpatupad, at nakapagbigay ng sistema sa maraming mundong matatagpuan sa kasalukuyan. Hindi lamang nakatuon ang “iba” o “pag-iiba” sa postkolonyal na ekokritisismo sa identidad (tulad ng higit na pinagtutuonan ng hybridity), at hindi rin lamang sinasaklaw ang “trappings of a deeply gendered and raced understanding of environmental realities” katulad ng iginigiit sa Oryentalismong pangkalikasan (*environmental Orientalisms*) (Sawyer & Agrawal 72). Lumalampas pa ang pagkaunawa dito ng pagsasakatawan tungo sa hindi madaling nakapagsasalita sa sarili niya, tulad ng Ilog Boac. “Patay” na ito, at apektado ng kamatayan nito ang napakaraming buhay at mundo. Kaugnay nito, maganda na, ang “iba” sa postkolonyal na ekokritisismo, ay



gagawa ng paraan, upang makiugnay sa iniwan ng kolonyalismo upang mabulok bilang labi ng imperyo o yaong patuloy na nabubulok nang ayon sa mabagal na karahasan; nakikiugnay din pati sa mga hindi-nabubuhay—ang patay na ilog, ang patay na mga hayop, ang nalipol na sakahan, ang mga patay na residente at ang mga namamatay. Natagpuan ko ang Ilog Boac at ang Marinduque na naging katulad ng binabalaan sa atin ni Deloughrey (2) sa kanyang *Routes and Roots*: isang espasyong isla na tinaguriang walang kasaysayan at nag-iisa dahil sa patuloy na panloob na galaw ng kolonisasyon sa loob ng espasyong kolonisado. Naging mga museo ang ganitong mga espasyo o mga laboratoryo para sa turismo, pagtatanong na antropolohiko, o panlipunang praxis; ngayon, ipinakikilala ng Marinduque ang kanyang sarili bilang puntahan ng mga turista sa pamamagitan ng pista ng Moriones na ginaganap tuwing Semana Santa, kung kailan nagsusuot ang kapwa residente at turista ng mga naglalakihang maskara ng mga sundalong Romano bilang lokal na interpretasyon ng mga kuwento sa Bibliya na humahantong sa magagarang sayaw at pagdiriwang. Kasabay nito, naroon pa rin ang internasyonal na interes sa pananaliksik tungkol sa epekto ng Marcopper Mining Disaster, bilang obheto ng pananaliksik na siyentipiko.

Ang isang bagay na tinutupad ng eko-kosmopolitanismo ay ang tanggihan ang pagkakaroon lamang ng iisang pamamaraan ng representasyon. Sa halip, sumasalalay ito sa multiplisidad—isang pagbalikwas sa mga pambansang gahum at mga iisa o dalawahing pamamaaraan ng pagkakakilanlan. Sinisikap nitong likhain ang imahinasyon ng Ilog Boac hindi lamang bilang isang patay na ilog o alegorya para sa anumang patay at namamatay sa global na katimugan, ngunit bilang bahagi ng masalimuot na pormal na balangkas na inaako ang multiplisidad na panlipunan at kultural ng lahat na nasangkot sa sakuna (21). Tinutuligsa ng eko-kosmopolitanismo ang pag-iiba sa Ilog Boac bilang hayagang kinahinatnan ng sakuna at hindi bilang isang ilog na dinamikong nakasalabid sa buhay ng mga taga-roon at sa mga higit-pa-sa-taong nasa isla; isa pa, kinikilala din ng balangkas ang matagal nang naging ugnayan ng mga residente sa Ilog Boac—maging sa alaala man, o sa trauma at nagpapatuloy na trahedyo. Sa pamamagitan ng ganitong pagdalumat, natutuklasan ko ang Ilog Boac bilang hinarayang muli na sabay na patay at buhay.

## **Ang Paglikha ng Lokal at Global**

Hinahamon ni Ursula Heise ang pag-aaral na postkolonyal sa gawain ng imahinasyon sa eko-kosmopolitanismo. Sinasabi niyang unang hinarap ng mga teorya tungkol sa “cosmopolitanism” ang mga waring identidad na tinanggalan ng mga teritoryo; nililigiran ng ganitong mga teorya ang isang

“field of reflection” sa halip na bumatay sa matatatag at ipinatupad nang pangkat ng mga dalumat at pagpapalagay. (Heise 57). Paano ba ihaharaya ang isang global na kapaligiran? Iminumungkahi ni Heise na ang mahalaga sa ganitong proseso ay tingnan hindi lamang ang mga imahen, kuwento, at mga kasaysayan na kaugnay sa lupa, ngunit pati rin ang iba pang anyo ng sapot ng ugnayan na lalo lamang lumilitaw sa paggugumiit ng mga pagbabago at modernidad:

... what is crucial for ecological awareness and environmental ethics is arguably not so much a sense of place as a sense of planet – a sense of how political, economic, technological, social, cultural, and ecological networks shape daily routines (55).

Dito, bahagi ang lokal at ang global ng “imagined communities” (sa pagkakahiram ni Heise kay Benedict Anderson) kung saan ang mga ugnayan sa likas na mundo ay nalilikha, napayayabong, napuptol, at muling nabubuhay. Sinasaliksik din nito ang mga implikasyon ng ganitong mga ugnayan sa mga rehiyonal, nasyonal, at transnasyonal na anyo ng pagkakakilanlan (Heise 61), na isang radikal na pagtalikod sa moda ng sariling pagkakakilanlang nakabatay sa lugar na minsang mapapansin sa postkolonyal na ekokritisismo.

Kahit nagsimula nang maglakbay ang postkolonyal na ekokritisismo patungo sa bukás na diyalogo tungkol sa maramihang produksiyon ng mga lokal at global na kaalaman (Cilano & Deloughrey 74), higit pa rin itong nakatuon (at siguro’y nararapat lamang) sa mga kolonyal na ugnayan at mga pamana ng imperyo na matatagpuan, sa kasalukuyan, nang palihim sa loob ng mga lokal at global na sistema. Subalit, sa pagtuon nito sa lupa at sa karahasang kolonyal na ipinatupad dito, karamihan sa mga balangaks nito’y bumuno sa mga teritoryong lampas na sa kinagawiang abot ng postkolonyalismo (Nixon 38), kung kaya’t hindi naman talagang nakaugnay sa mga ito. Kinikilala ni Susie O’Brien (2) ang salimbayan ng ugnayan ng lokal at global sa postkolonyal na pag-aaral, ngunit higit na nagiging maingat siya. Tunay namang ang udyok na maging globalisado at ang materyal na implikasyon ng mga bagong mundo na dala ng globalisasyon ay nagpatuloy lamang ng pagsasantabi ng subalterno; ngunit, inaamin din niyang maaaring muling likhain ang global at lokal nang sabay sa isang pamamaraan na “pumipigil at bumabaluktot” sa iba upang tanggihan ang posibilidad ng abstraktong pagiging bahagi ng isang global na samahan (3). Ipinagpapatuloy pa ng eko-kosmopolitanismo ang ganitong kaisipan sa pamamagitan ng pagtanaw sa imahinasyon ng lokal at global bilang hindi lamang sa hindi tumutugma, ngunit bilang tumatanggap din ng palitan at salimbayan ng magkakaibang sapot ng ugnayan nang hindi inuuwi lamang sa iisa ang maramihang espasyo ng pagkakakilanlan, produksiyon, at representasyon.

Natatagpuan ko ang pagpapaliwanag ni Deloughrey ng dalumat ng ‘tidalectics’ o “the dynamic shifting relationship between land and sea that allows island literatures to be engaged in their spatial and historical complexity” (*Routes and Roots* 2-3) bilang isang konkretong halimbawa kung paano naghahain ang eko-kosmopolitanismo ng pananaw na lampas pa sa lupa sa paglikha ng mga bagong pamamaraan ng ekokritika upang matanggap din nito ang kawalang katiyakan ng ibang gumagalaw na sistema na parati nang ginagalawan ng mga pamayanan. Ginagamit niya ang heograpiya ng mga espasyong pang-isla sa pagpapaunawa na napagkakasundo ng ugnayang lupa-dagat ang mga masalimuot na padron ng migrasyon at pananahanan, at kung gayon nakalikha ng mga panitikang diaspora at pagiging katutubo na pinasasalimuot at binabaliktad ang kolonyal na paningin sa mga tropikal na isla bilang hiwalay (Deloughrey 4). Tinatanggihan ng tidalectics ang analogong mga estruktura na madalas bumabagabag sa rehiyonalismo at mga pag-aaral sa diaspora, na pinagmumulan ng babala ni Gikandi na:

The downside to this focus on migrancy and its images, however, is that the national has tended to be negated, although it is indeed one of the enabling conditions of the trope of migration in the first place. (640)

May mga imahen at representasyon na nalilikha ang isang balangkas na nakabatay sa multiplisidad ng dagat (marahil ng tubig, din, sa pangkalahatan) na hindi nahuhuli ng isang nakabatay lamang sa kolonyal na pagsasakasaysayan ng lupa—ang maramihang suson ng mga dahilan ng migrasyon, halimbawa, ay hindi lamang nakabatay sa pagyaman sa antas-ekonomiko, katarungang pang-klima, o paglisan at pagdatal—maaari din na ang migrasyon at ang mga landas na tinatahak ay nakabatay sa sariling pinag-uugatan, sariling kultura o sariling tinanaw/hinarayang mga kultura. Naaalala ko dito ang pagtata kang binitawan ko nang magpasya ang Tito Dinky ko na bumalik sa Marinduque upang doon buhayin ang mura pa niyang pamilya ilang taon lamang pagkatapos ng sakuna—Bakit doon, sa napakarami namang lugar? Hindi siya bumabalik para sa lupa, hindi rin siya bumabalik para lamang sa isang maaasahang ekonomikong kalagayan—bumabalik siya dahil nakita niya ang kultura ng bagong pamilya niya doon, kung saan sila (tinuringang hindi lehitimo sa loob ng isang bansang hindi kumikilala sa mga paghihiwalay at diborsiyo, o iba pang pagsasama na nangyayari pagkatapos malusaw ang ganitong mga relasyon) maaaring makapagsimulang muli, makapagpanibago, nang walang panghuhusga at pang-aapi. Hindi na mahalaga kung harapin pa niya ang galit ng karagatan kapag kailangan niyang makita ang pamilya sa Maynila, o na kailangan niyang pagsabay-sabayin ang ilang trabaho ng pagpapawis mapakain lamang niya ang pamilya—isang pamilya sila doon, sa sarili nilang pagtatakda, doon sa halos sira nang isla. Siyempre, ang panganib ng mentalidad na “sa sarili nilang pagtatakda,” sa ganang akin, ay kailangang bantayan ng eko-kosmopolitanismo; binubuksan ng balangkas ang paraan

nito ng interpretasyon sa magkakaibang imahinasyon, at mauwi sa mga pamamaraang madaling makita bilang magkakatulad, makakalimutin, o masyadong abstrakto. Kailangan din nitong bantayan ang sarili nitong tayô laban sa muling pagbuhay sa prekolonyal (madalas bago pa man kapitalismo) na moda ng pag-iisip at paggalaw (Deloughrey et al. 17), gayong marami pa ang kailangang gawin upang palitawin ang mga labí ng mga monumentong Euro-Americano sa mga sistemang ipinatupad sa antas global.

## **Ang Pagtulay Tungo sa Transnasyonal na Diskurso**

Nag-iwan ang pulang abo o “Canadian Snow” na araw-araw na nararanasan ng marami sa mga lokal na empleyado ng Marcopper ng nakapanganganyayang epekto sa mga residente—katulad ng nabanggit ko na, umikli ang buhay ng ilan at namatay nang maaga dahil sa kanser sa baga (may isang napabalitang kaso sa edad 39), samantalang maraming henerasyon pagkatapos ng sakuna ay nagdusa sa mga kapansanan sa katawan at isip (Santiago). Halos hindi nasahuran ng Marcopper o Placer Dome ang mga nasabing empleyado; kinalaunan, binili ng Placer Dome sa Marcopper ang lahat ng share nito samantalang hindi matagumpay na muling binuhay ang ilang bahagi ng ilog o binayaran ang mga apektadong residente. Kamakailan lamang, naging bankrupt ang Marcopper, samantalang ika-lima ang Placer Dome sa pinakamalaking kompanya ng pagmimina sa mundo (“Placer Dome Incorporated History”).

Iginigiit ni Deloughrey et al. (16) na ang ganitong anyo ng panukala ng modernisasyon na ipinatutupad ng IMF at ng World Bank (kabilang ang pagkakamal ng yaman tulad ng pagtotroso, pagmimina, at liberalisasyon ng mga internal na pamilihan) ay hayagang nakapagpabago at patuloy na bumabago ng mga kapaligirang postkolonyal. Sinusuhayan ni Joan Martinez-Alier ang ganitong kaisipan, nang sinasabi na,

Many ecological conflicts, whether they take place inside or outside markets, whether they are local or global, come about because economic growth means an increased use of the environment. Environmental impacts will be felt by future generations of humans, and they are abundantly felt already by other species. (vii)

Sa puntong ito, iginigiit kong ang mga balangkas katulad ng mabagal na karahasan ni Nixon ay itinutuloy ang diskursong postkolonyal sa transnasyonal dahil nakikilala nito na bagamat may mga ugnayan sa kolonyal

na nakaraan na kinakailangan pa ring talakayin at buwagin, nakababahalang umusad nang ubod nang bilis ang pamamanahon sa global na espasyo. Mararamdaman na sa kalikasan ang imperyal na pamana ng kolonyalismo na pumasok na sa mga mundong pinanahanan ng mga pamayanan ngayon, at bumubuo ng iba pang mga anyo na hindi pa nauunawaan ng kasakuyang mga pag-aaral. Ilan sa mga namumuong anyo ay higit na hayag tulad ng fake news sa Internet tungkol sa kung totoo ba o hindi ang pagbabago ng klima, o ang lantarang pagkonsumo ng ilang tatak sa pamilihan na may partikular na ipinaglalaman.

Iniiisip ko ang mga residenteng nakilala ko sa Marinduque, yaong mga hindi ko na narinig pang muli, yaong mga nagtangkang muling itayô ang kanilang buhay sa siyudad tulad ng pinsan kong Yvette na binuhay ang kanyang mga anak at pabayang asawa sa pamamagitan ng pagpasok sa iba-ibang panukala ng multi-marketing, o ang Tito Dinky ko na—isang gabi habang nagmomotor siya pabalik sa bahay niya mula sa gubat—namatay sa atake sa puso sa isla. Naapektuhan nang tuwiran ang kanilang mga buhay ng mga nabanggit na panukala ng modernisasyon at mga kaisipan ng globalisasyon; dahil man o sa kabila ng globalisasyon, nananatili silang buhay. Ilan kaya sa Marinduque ang nasa loob nila habang lumilikha at pumapanday ng mga bagong mundo? Bitbit pa kaya nila ang isla o tuluyan na nilang iniwan?

Ang ganitong mga tanong, tanong na interesado akong masagot at maisateorya sa aking pag-aaral, ay uuwi sa diskursong itinuturing kong pinakanangailangan ng sagot, iyon nga ang eko-kosmopolitanismo. Dito, dahil sa pagbalikwas nito sa mga itinakdang hangganan ng postkolonyal na pag-aaral at arbitraryong interpretasyon ng kolonyalismo at/o diskursong pangkalikasan, dito naniniwala akong lilikhain ang mga pamamanahon na naranasan ng mga nangibang-bayan tulad ko sa global na katimugan at patuloy na naranasan dito sa Hilagang America. Kaya, katulad ng ipinaalalang imahinasyon ni Heise (210) ang pinapangarap kong imahinasyon—ang paghahanap ng mga kuwento at imahen ng bagong uri ng environmentalismong eko-kosmopolitano na maaaring epektibong makiugnay sa walang hintong (marahil mabilis) na pagdami ng mga padron ng global na mga pagkakaugnay-ugnay, kabilang na dito ang mga ibinunga ng pagpapalawak ng mga pagpapalagay na panganib. Higit pa dito, nakabibighani sa akin ang espasyong binubuksan ng eko-kosmopolitanismo para sa ganitong uri ng pag-aaral: walang imperyal na pamana sa pagitan ng Canada at ng Pilipinas, ngunit mahihinuha ko ang mga kolonyal na sistema na umiiral sa loob ng gobyerno ng Pilipinas at ang pagsulong ng kaunlarang pang-ekonomiko (sa kabila ng lahat ng gugulin) at kung paano nito pinayagan ang Placer Dome na mamuhunan sa Mariduque, sa kabila ng mga tiyak

nang panganib. Kasabay nito, may bersiyon (o mga kauri) ang kolonyal na sistema na umiiral din sa loob ng Canada—isang sistema na nagbunsod sa mga kompanyang kumuha ng mga mineral sa mga bansang nasa ikatlong mundo kapalit ng kuryente at isang libong trabaho para sa mga residente, at isang nagpahintulot nang ganoon lamang kadali na putulin ng Placer Dome ang ugnayan nito sa Marcopper at ilayo ang sarili nito sa sakuna hanggang sa ngayon. Ang ganitong mga ugnayan, bagamat kapani-paniwala sa loob ng postkolonyal na ekokritisismo, ay higit na mapanghahawakan at nagiging konkreto sa eko-kosmopolitanismo. Isa itong balangkas na magpapapatupad sa ekokritika na taluntunin ang mga ugat ng kolonyalismo mula sa global na antas patungo sa lokal na antas—mula Canada patungong Pilipinas, at marahil pabalik muli—upang mailabas ang mga kuwentong matagal nang nakalimutan at mga imahen ng mga tao at bagay na nakalimutan na, yaong mga natabunan na ng pagtagas ng mga minahan o yaong mga nananatiling buhay o nagsusumikap na manatiling buhay. Higit pa dito, iminumungkahi ni O’Brien na nakasalalay ang kaligtasan sa pagtanggap sa pagkakaiba-iba ng tao at pagiging iba ng pisikal na kapaligiran (5). Sa madaling sabi, samantalang nagsisimula ang postkolonyal na ekokritisismo sa kung saan nagtapos ang buhay ng ilog upang doon muling taluntunin ang sanhi ng kamatayan nito, iminumungkahi naman ng eko-kosmopolitanismo na ang ilog, sa kabila ng paghayag ng kamatayan nito, ay maari pa ring humantong sa kung *saan man*—maging sa nakaraan nito o dito sa kasalukuyan, patuloy na dadalhin ng mga taga-Marinduque ang mga sala-salabid na ugnayan nito sa kung saan man sila naroroon ngayon.

Sa ganitong pagbasa, pinananatili ko sa aking isip ang mga residente ng Marinduque na tinatawag ang mga tagas ng minahan bilang “Canadian Snow”—mga kapwa ko mamamayan sa loob ng isang bansang matatagpuan sa ibaba ng ekuwador na dadalawa lamang ang panahong tropiko. Ang mga karanasang nagpahintulot sa kanilang ilantad ang parikala ng kanilang pagpapanahon ay bahagi ng nagpahintulot sa aking taluntunin ang impormasyon na nakalap ko tungkol sa sakuna mula sa Internet hanggang sa malalabong alaala tungkol sa isang araw na iyon, isang taon bago nangyari ang mapanirang pagtagas, noong buhay pa ang ilog at mula sa mga pampang nito, nginitian ako ng mga taga-roon, ng mga taga-Marinduque, ako na isang Manilena, na nagtatampisaw sa malamig na tubig.

*Isinalin ni Alvin B. Yapan.*

## Mga Sanggunian

- Agrawal, Arun at Suzane Sawyer. "Environmental Orientalisms." *Cultural Critique*, tomo 45, tagsibol ng 2000, pp. 71-108.
- Cilano, C., at E. Deloughrey. "Against Authenticity: Global Knowledges and Postcolonial Ekokritisismo." *Interdisciplinary Studies in Literature and Environment*, tomo 14, blng. 1, 2007, pp. 71-87.
- Cruz, Gwen de la. "Look Back: The 1996 Marcopper Mining Disaster." *Rappler*, 24 Marso 2017, [rappler.com/move-ph/issues/disasters/165051-look-back-1996-marcopper-mining-disaster](http://rappler.com/move-ph/issues/disasters/165051-look-back-1996-marcopper-mining-disaster).
- DeLoughrey, Elizabeth M., et al. *Global Ecologies and the Environmental Humanities: Postcolonial Approaches*. Routledge, 2016.
- Deloughrey, Elizabeth. *Routes and Roots*. University of Hawaii Press, 2009.
- Gikandi, Simon. "Globalization and the claims of postcoloniality." *The South Atlantic Quarterly*, tomo 100, blng. 3, tag-araw ng 2001, pp. 627-658.
- Heise, Ursula. *Sense of Place and Sense of Planet: The Environmental Imagination of the Global*. Oxford University Press, 2008.
- Huggan, Graham at Helen Tiffin. *Postcolonial Ecocriticism: Literature, Animals, Environment*. Routledge, 2010.
- Magtubo, Chrisha Ane. "The Marcopper Mining Incident 2 Decades Later." *Today.mims.com*, 6 Hunyo 2018, [today.mims.com/the-marcopper-mining-incident-2-decadeslater?country=philippines](http://today.mims.com/the-marcopper-mining-incident-2-decadeslater?country=philippines).
- Martinez-Alier, Joan. *The Environmentalism of the Poor*. Edwar Elgar Publishing Limited, 2002.
- Nixon, Rob. *Slow Violence and the Environmentalism of the Poor*. Harvard University Press, 2011.
- O'Brien, Susie. "Articulating a World of Difference: Ecocriticism, Postcolonialism, and Globalization." *Canadian Literature*, tomo 170/171, 2001, pp. 140-158.
- "Placer Dome Incorporated History: 1910-2002 – by International Directory of Company Histories." *Republic of Mining*, 29 Setyembre 2011, [republicofmining.com/2011/09/17/placer-dome-incorporated-history-1910-2002-by-international-directory-of-company-histories/](http://republicofmining.com/2011/09/17/placer-dome-incorporated-history-1910-2002-by-international-directory-of-company-histories/).

Santiago, Esmerelda. "Marcopper in the Philippines." *Environmental Justice Case Study*, [www.umich.edu/~snre492/Jones/marcopper.htm](http://www.umich.edu/~snre492/Jones/marcopper.htm).

Soriano, Zelda. "Revisiting the Boac River." *Bulatlat*, [bulatlat.com/archive1/017\\_revisiting\\_the\\_boac\\_river.htm](http://bulatlat.com/archive1/017_revisiting_the_boac_river.htm).

Stoler, Ann Laura. *Imperial Debris: On Ruins and Ruination*. Duke University Press, 2013.